Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 198-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NI BB. CHARITO B. KONDO LABAN KAY PUNONG BARANGAY FRANCISCO DELA CRUZ NG BARANGAY LOOK 2ND, LUNGSOD NG MALOLOS.

Akda nina: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE at KGG. DIONISIO C. MENDOZA

SAPAGKAT, noong 17 Hulyo, 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng liham laban kay Punong Barangay Francisco dela Cruz ng Barangay Look 2nd at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 27 Hulyo 2020. Noong 28 Hulyo 2020 na napadalhan at natanggap ni Kapitan dela Cruz ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 03 Agosto 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kapitan dela Cruz;

SAPAGKAT, ayon sa reklamo ni Bb. Charito B. Kondo, sa kalagitnaan ng *General Community Quarantine* noong Hunyo, siya ay nagtungo sa tanggapan ng Barangay Look 2nd upang humingi ng *Quarantine Pass* upang magamit niya sa isang di-umano ay napakahalagang lakad sa labas ng Lungsod na may kinalaman sa usaping legal, subalit hindi siya nabigyan ni Kapitan Francisco dela Cruz;

SAPAGKAT, ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kapitan Francisco dela Cruz, ang hindi pagbibigay ng *Quarantine Pass* kay Bb. Kondo ay bilang pagsunod lamang sa panuntunang ipinatutupad ng IATF sa panahong iyon na nagsasabing isa lamang kada-bahay ang ipagkakaloob na *Quarantine Pass* at ang paggamit nito ay para lamang sa mga lakad na maituturing na *essential* tulad ng pagbili ng pagkain at gamot;

SAPAGKAT, nabanggit din ni Kapitan dela Cruz, na nauna na nilang nabigyan ng *Quarantine Pass* ang kapatid ni Bb. Kondo na kasama naman nito sa bahay;

SAPAGKAT, sa pagpupulong na ipinatawag noong 02 Setyembre 2020, matapos ang mga pagtatanong at paglilinaw ng mga kasapi ng Lupon, napatunayan na ang hindi pagbibigay ng *Quarantine Pass* kay Bb. Kondo ay wasto at nararapat batay sa mga umiiral na batas, alituntunin at regulasyon lalo na sa panahon ng *General Community Quarantine* at ang di-umano'y lakad ni Bb. Kondo ay hindi maituturing na *essential* sa panahong ito;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-saysay ang reklamo ni Bb. Charito B. Kondo laban kay Punong Barangay Francisco dela Cruz ng Barangay Look 2nd, Lungsod ng Malolos sa kadahilanang ito ay walang basehan sa batas at sa mga tunay na kaganapan.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09092020